



RBC Welcome to Canada Poll: Three Tips in Tagalog

Si Sy ay naghahandog din ng sumusunod na tatlong pabatid na makakatulong sa mga bagong-dating upang makapagtatag ng kredito sa Canada:

1) Magtatag ng inyong credit history- Gamitin ang mga mapagpipiliang benepisyo, tulad ng *Newcomer to Canada Credit Card Program* ng RBC – isang unsecured credit card para sa mga bagong-dating na wala pang credit history. Ang karapatan na ito ay magbibigay ng pagkakataon na makakuha ng pangalawang credit card para sa asawa o kapareha at makatulong sa sabay na pagtatatag ng credit history. Ang credit history ay kailangan sa pagtatatag ng isang disenyo kung paano kayo kagaling mamahala ng inyong mga pangpinansiyal na tungkulin at malaman kung dapat mag-ingat sa pagpapahiram ng pera sa inyo.

2) Tugunan ang pinakamaliit na halaga sa pagbabayad -- Mahalagang bayaran ang lahat ng inyong utang sa takdang oras, kahit na ito ay maliit at hindi gaanong mahalaga. Kahit na ang maliit lamang na halaga ang hinihingi, ang pagbabayad nito ay maglalarawan ng positibong imahe sa tala ng inyong kredito.

3) Alamin ang inyong marka – Iyon ay marka ng inyong kredito. Magandang alamin kung ano ang inyong kasalukuyang marka. Maaari kayong humiling ng kopya ng ulat ng inyong kredito buhat sa alinman sa dalawang sangay sa Canada – Equifax o TransUnion. Isang magandang ideya na suriin ang inyong ulat sa kredito kung sakali mayroong mga pagkakamali o gawaing mapanlinlang.